Financial Assistance Policy

Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida - Tagalog

Alinsunod sa 501(r) of the Internal Revenue Code

Polisa

Mayo Clinic Hospital - Nangangako ang Florida sa pagbibigay access sa kalidad na pangangalaga sa kalusugan para sa komunidad na sineserbisyuhan nito, kabilang ang mga pasyenteng nasa mahihirap na pinansiyal na kalagayan, at naghahandog ng pinansiyal na tulong sa mga may naitaguyod na pangangailangang makatanggap ng pang-emerhensiyang medikal na pag-aalaga at medikal na kinakailangang serbisyo ng ospital. Bilang karagdagan sa pinansiyal na tulong na inaalok alinsunod sa mga tuntunin ng Polisang ito, nag-aalok ang Mayo Clinic ng ibang tulong sa mga pasyente, kabilang ang pinansiyal na tulong para sa mga serbsiyo na hindi nilalaan sa kalagayan ng ospital.

Ang mga pagkilos na maaaring gawin ng Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida sakaling hindi nagbayad ay nakasalarawan sa Patakaran sa Pagsingil at Pagkolekta ng Mayo Clinic. Maaaring makakuha ng libreng kopya ng polisang ito sa pamamagitan ng pagbisita sa www.mayoclinic.org/financialassistance o pagtawag sa 1-844-217-9591, Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Eastern Time.

Hindi magsasagawa ang Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida ng mga labas sa ordinaryong mga pagkilos sa pagkolekta bago ito gumawa ng makatwirang pagsusumikap upang malaman kung ang pasyente ay nararapat sa pinansiyal na tulong sa ilalim ng polisang ito.

Layunin

Nagsisilbi ang polisang ito para magtaguyod at tiyakin ang patas at hindi nagbabagong paraan para sa mga walang insurance o kulang sa insurance na mga pasyente para mag-apply at maisaalang-alang sa pinansiyal na tulong na kaugnay ng emerhensiya at ibang medikal na kailangang pag-aalaga sa ospital. Pakitandaan na hindi lahat ng mga medikal na serbisyo sa Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida ay kuwalipikado para sa tulong sa ilalim ng Polisang ito. Kaugnay ng tulong pinansiyal ang libre o may diskuwentong pag-aalaga batay sa kita ng tahanan at mga pag-aari na kinakailangang isiwalat sa proseso ng aplikasyon. Ang tulong pinansiyal ay batay sa diskuwento ng kabuuang singil para sa mga serbisyo ng ospital na nilaan na may pinakamababang diskuwento na 65% ng mga natukoy na nararapat sa tulong pinansiyal sa Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida.

Mga Kahulugan

Aplikante: pasyente o ibang indibiduwal na responsable sa pagbayad ng pag-aalaga ng pasyente na nangangailangan ng pinansiyal na tulong.

Panahon ng Aplikasyon: nagsisimula sa petsa ng paglaan ng medikal na pag-aalaga at magtatapos 240 araw makalipas ang unang post-discharge na statement ng pagsingil o 30 araw makalipas magbigay ang ospital o awtorisadong third party ng nakasulat na abiso ng labas sa ordinaryong pagkilos sa pagkolekta na nais simulan ng ospital, alinman ang mas mahuli.

Bad debt: ang halaga ng pagbibigay ng pag-aalaga sa mga tao na kaya ngunit ayaw magbayad para sa lahat o ilang bahagi ng mga medikal na singil na responsable sila.

Tulong Pinansiyal: ang halaga ng pagbibigay ng libre o may diskuwentong pag-aalaga sa mga indibiduwal na hindi kayang magbayad ng ahat o bahagi ng mga medikal nilang singil sa ospital batay sa mga patakaran ng pagiging nararapat na tinukoy sa Polisang ito. Maaaring alamin ng Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida ang kawalan ng kakayahang magbayad bago o matapos ilaan ang mga medikal na kailangang serbisyo.

Mga Kabuuang Singil: ang buong tinaguyod na presyo para sa pangangalagang medikal na nilaan sa mga pasyente.

Medikal na Kailangang Pag-aalaga: Mga serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan o mga produkto na ibibigay ng maingat na manggagamot sa pasyente sa layunin ng paghadlang, pag-diagnose o paggamot ng karamdaman, pinsala, sakit o mga sintomas nito sa paraang:

- Ayon sa pangkalahatang tinatanggap ng mga pamantayan ng medikal na pagsasanay;
- Klinikal na angkop pagdating sa uri, dalas, lawak, lugar at tagal; at
- Hindi pangunahin para sa ekonomikong benepisyo ng mga planong pangkalusugan at mga bumibili o para hindi mahirapan ang pasyente, gumagamot na doktor o ibang tagapaglaan ng pangangalaga sa kalusugan.

Balanse ng Sariling Pagbayad: ang halagang babayaran sa tagapagbigay o ospital matapos maisagawa ang mga serbisyo at lahat ng ibang mga opsyon sa pagbabayad o paraan sa pagbabalik ng bayad ay nagawa na.

©2020 Mayo Foundation for Medical Education and Research

Mga Tagapagbigay na Sakop sa Ilalim ng Polisang Ito

Lahat ng medikal na tagapagbigay na inempleyo ng Mayo na nagbibigay ng pag-aalaga sa Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida Campus ay sakop sa ilalim ng polisang ito.

Pamantayan sa Pagiging Nararapat para sa Tulong Pinansiyal

Kailangan sa Pagiging Nararapat para sa Tulong Pinansiyal ng kumpletong pakikipagtulungan ng aplikante sa proseso ng aplikasyon, kabilang ang:

1. Pagkumpleto ng proseso ng aplikasyon para sa lahat ng makukuhang tulong, kabilang ang Medikal na Tulong o Medicaid, isang nilagdaang pahintulot at mga tuntunin ng serbisyong nagpapahintulot sa Mayo Clinic Hospital na magsumite ng mga paghabol;
2. Pagkumpleto ng aplikasyon sa tulong pinansiyal kabilang lahat ng mga kailangang dokumento;
3. Matugunan ang taunang kita ng sambahayan at pamantayan sa laki ng pamilya tulad ng nakatakda sa Federal Poverty Guidelines (Mga Pederal na Gabay sa Kahirapan) sa nakaraang taon ng buwis; 65% pagsasaayos ng balanse ng sariling pagbayad para sa mga aplikante na may kita ang sambahayan na hanggang 400% ng Federal Poverty Guidelines; 100% pagsasaayos ng balanse ng sariling pagbayad para sa mga aplikante na may kita ang sambahayan na hanggang 200% ng Federal Poverty Guidelines; at
4. Pinakitang kawalan ng kakayahang magbayad ng mga serbisyo batay sa lahat ng magagamit na pag-aari.

Reserbado ng Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida ang karapatang tanggihan ang tulong pinansiyal sa mga indibiduwal na inaatasang kumuha ng pagsakop ng pangkalusugang insurance ngunit piniling huwag gawin ito o mga indibiduwal na tumanggi sa pagsakopn ng pangkalusugang insurance, kabilang ang mga planong tulong ng pamahalaan, dahil sa mga kadahilanang pangrelihiyon. Hindi alam ng maraming aplikante na maaaring hindi sila nararapat sa mga planong tulong ng pamahalaan o hindi nag-apply sa mga nasabing plano.

Maaaring isaalang-alang ng Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida ang pagbabayad ng mga hulog ng COBRA sa limitadong panahon ng oras kung ang pasyente ay hindi man maaaprubahan para makatanggap ng tulong pinansiyal. Reserbado ng Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida ang karapatang tanggihan ang tulong pinansiyal kung mabigo ang aplikanteng makipagtulungan sa Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida patungkol sa lahat ng proseso at dokumentasyong kailangan para bayaran ang mga hulog sa COBRA.

Gagawin ng Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida ang lahat ng makatwirang pagtatangkang kumolekta mula sa mga kompanya ng insurance at anumang ibang nagbabayad na third-party.

Reserbado ng Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida ang karapatang baligtarin ang tulong pinansiyal at ituloy ang angkop na pagbabalik ng bayad o pagkolekta bilang resulta ng bagong natuklasang impormasyon, kabilang ang sakop ng insurance o bayad sa aplikanta o pagtuloy sa paghabol sa personal na pinsalang kaugnay ng mga serbisyong tinatanong. Lahat ng bayad na natanggap ng Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida makalipas ang tulong pinansiyal ay naibigay ay magreresulta sa pagbaligtad ng mga inayos na halaga para malutas ang natitirang sariling bayad na balanse nang hindi lumilikha ng nakatakdang balanse o balanse ng kredito.

Ang mga pasyenteng nakakatanggap ng pag-aalaga sa Emergency Department na walang pinansiyal na pag-aari ay maaaring nararapat sa pinansiyal na tulong kung hindi sila nakaempleyo o walang permanenteng address o sakop ng insurance. Ang mga maralitang pasyente na walang access sa inaatas na dokumentasyon ng aplikasyon ay maaaring nararapat pa rin sa tulong pinansiyal.

Ang mga pasyenteng nararapat sa tulong pinansiyal bago ang serbisyo ay kailangang magpakita ng kakayahang magbigay o magpanatili ng anumang pangmatagalang pag-aalagang kailangan para sa kanilang kalusugan at kahusayan ng kalagayan bilang dikta ng una nilang kundisyon o dinirekta ng kanilang koponan sa pag-aalaga.

Hindi inoobliga ng pagbibigay ng tulong pinansiyal ang Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida na magbigay ng patuloy na pag-aalaga; subalit, sa sariling diskresyon ng Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida, ang mga serbisyo at suporta na medikal na kailangan at hindi makukuha sa ibang lugar ay maaaring ilaan sa patuloy na batayan. Maaaring atasan ang mga pasyenteng muling mag-apply para sa tulong pinansiyal nang hindi bababa sa tuwing 180 araw.

Ang Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida at ang mga kasapi nito ay maaaring magbahagi ng impormasyon ng pasyente sa Tulong Pinansiyal sa mga lugar na kasapi ng Mayo Clinic para sa benepisyo at dali ng pagbibigay ng Tulong Pinansiyal sa mga pasyenteng titingnan sa maramihang lokasyon. Walang impormasyon ang ibabahagi sa labas ng Mayo Clinic maliban kung pinahintulutan o inatas ng batas.

Paraan ng Pag-apply para sa Tulong Pinanisyal

Ang tulong pinanisyal ay hinahandog sa pamamagitan ng alinman sa proseso ng aplikasyon o batay sa kasalukuyang pagiging nararapat sa Tulong Medikal o ibang tulong ng pamahalaan batay sa pangangailangan.

Proseso ng Aplikasyon

Ang mga aplikante na nais mag-apply sa tulong pinansiyal ay maaaring mag-apply sa pamamagitan ng paghiling sa form ng aplikasyon o pag-download o pag-print ng form ng aplikasyon sa tulong pinansiyal nang walang bayad. Aabisuhan ng Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida ang mga aplikante ng hindi kumpletong mga aplikasyon at tutukuyin ang mga dokumento o impormasyong kailangan para kumpletuhin ang proseso ng aplikasyon na dapat ilaan sa loob ng 30 araw. Reserbado ng Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida ang karapatang tanggihan ang tulong pinansiyal kung ang aplikasyon ay hindi natanggap sa loob ng Panahon ng Aplikasyon.

Rerepasuhin ng kawani ng Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida Revenue Cycle ang aplikasyon at gagawa ng determinasyon ng tulong pinansiyal na maaaring ialok. Ang proseso sa pagrepaso ng aplikasyon ay inaabot ng mga 30 araw. Kapag nakagawa na ng pasya sa tulong pinansiyal, may ipadadalang liham sa aplikante na nagpapayo sa pasya.

Ang mga aplikasyon sa tulong pinansiyal ay makukuha nang walang singil sa sumusunod na website:

www.mayoclinic.org/financialassistance

Makukuha ang mga aplikasyon sa nakasulat na hiling sa:

Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida Patient Account Services
4500 San Pablo Road
Jacksonville, FL 32224
Attn: PFS Inquiries

Makukuha rin ang mga aplikasyon sa mga lokasyon ng Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida Admissions, Business Services desk at sa Emergency Department.

Makukuha ang Financial Assistance Policy at tulong sa aplikasyon sa:

Ligtas na portal ng pasyente sa pagbisita sa www.mayoclinic.org at pagpili ng Log Into Patient Account mula sa home page.
Maaari ka ring tumawag sa 1-844-217-9591 o bumisita sa lokasyon ng tanggapan ng negosyo:
Mayo Clinic — Davis Building
Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida
Mayo Building, 4500 San Pablo Road, Jacksonville, Florida

Batayan sa Pagkalkula ng Mga Halagang Siningil sa Mga Pasyente

Lahat ng mga pasyente ay sinisingil ayon sa kabuuang siningil na halaga; subalit, ang sariling bayad na balanse para s amga pasyenteng nararapat sa tulong pinansiyal ay limitado sa Amount Generally Billed (AGB) sa mga may insurance na sumasakop sa nasabing pag-aalaga. Gumagamit ang Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida ng paraang look-back para kalkulahin ang AGB sa pamamagitan ng paghati ng mga halagang pinahihintulutan ng Medicare bayad sa serbisyo at komersiyal at pribadong tagaseguro ng kalusugan ng kabuuang singil na isinumite. Ang halagang inaasahang bayaran ng pasyente mula sa bulsa ay limitado sa porsiyentong AGB ng kabuuang singil kung naturing na nararapat ang pasyenteng iyon para sa tulong pinansiyal. Ang kumbinasyon ng mga bayad sa insurance at pasyente o bayad ng aplikante ay maaaring lumagpas sa AGB.

Ang mga indibiduwal ay maaaring makakuha ng karagdagang impormasyon, sa pamamagitan ng sulat at walang singil, tungkol sa Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida AGB sa pagtawag sa 1-844-217-9591 o kumuha ng Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida AGB at impormasyon sa kalkulasyon ng AGB sa aming website sa www.mayoclinic.org/financialassistance.

Mga Pang-emergency na Serbisyo

Nagibigay ang Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida ng medikal na pagsasalang eksaminasyon at emergency na pag-aalaga sa mga pasyente, anuman ang kakayahan nilang magbayad at alinsunod sa Emergency Medical Treatment and Labor Act (EMTALA). Pinagbabawal ng Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida ang anumang mga pagkilos na magpapahina ng loob ng mga indibiduwal na humingi ng pang-emergency na pangangalagang medikal at hindi magsagawa ng aktibidad sa pagkolekta ng utang sa Emergency Department.

Patas na Oportunidad

Naninindugan ang Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida sa pagpapatupad ng maraming pederal at pang-estadong batas na pumipigil sa diskriminasyon sa batayan ng lahi, kasarian, edad, relihiyon, pambansang pinagmulan, katayuan sa pag-aasawa, sekswal na oryentasyon, mga kapansanan, serbisyong militar, o anumang ibang klasipikasyong protektado ng mga batas pederal, estado o lokal.

Pagiging Kumpedensiyal

Ipatutupad ng kawani ng Mayo ang pagiging kumpedensiyal at indibiduwal na dignidad ng bawat pasyente. Susunod ang Mayo Clinic Hospital, Jacksonville, Florida at ang lahat ng kasapi sa mga inaatas ng HIPAA sa pamamahala ng personal na impormasyong medikal, kalusugan at pinansiyal.